

**Kagawaran ng Edukasyon**  
**Araling**  
**Panlipunan 10**  
**Karahasan sa Kababaihan,**  
**Lalaki at LGBT**  
**Ikalawang Markahan – Ikatlong Linggo**



Aileen C. Peñaranda

***Manunulat***

Mark Joseph C. Fernandez

***Tagasuri***

Carol C. Monroid

***Layout***

Edwin C. Abalos

Mariel Eugene L. Luna

***Katibayan ng Kalidad***

**Schools Division Office – Muntinlupa City**

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City  
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940






## INAASAHAN

Anumang uri ng kasarian ay nakakaranas ng karahasan sa iba't ibang panig ng mundo. Sa bahaging ito, matutunghayan natin ang kahulugan ng karahasan at ilang halimbawa nito na kinahaharap ng mga babae, lalaki, at LGBT. Ating tatalakayin ang mga uri ng mga ito at kung paano tayo tutugon sa ganitong uri ng karanasan.

Inaasahan din na matatapos ang mga gawaing nakapaloob dito, matataya at masusuri mo ang mga nasabing isyu, at magkakaroon ka ng mas matibay at malinaw nap ag-unawa sa lahat ng kasarian.



## UNANG PAGESUBOK

Bilang panimula, subukin mong sagutan ang paunang pagsusulit upang matukoy ang lawak ng iyong kaalaman tungkol sa mga paksa na tatalakayin. Bigyang-pansin ang mga tanong na hindi masasagutan nang wasto at alamin ang sagot nito sa iba't ibang aralin sa modyul na ito.

**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang letra ng wastong sagot.

- Ito ay sinasadyang paggamit ng lakas o puwersang pisikal o kapangyarihan, na maaaring isang pagbabanta o tinotoo, at maaaring laban sa sarili, sa kapwa, o laban sa isang pangkat o kaya pamayanan, na maaaring kalabasan ng o may mataas na kalamangan ng pagre resulta sa kapinsalaan, kamatayan, kapahamakang pangsikolohiya, hindi pag-unlad o pagbawi at pag-aalis (depribasyon, katulad ng pag-agaw ng pag-aari o kapangyarihan; maaari ring pagkakait).
  - Diskriminasyon
  - Karahasan
  - Pananakit
  - Pang-aabuso
- Ang mababang pagtingin sa kababaihan ay umiiral na noon pa sa iba't ibang kultura at sa lipunan. Sa sinaunang China, isinagawa ang foot binding sa kababaihan kung saan pinapaliit ang kanilang paa ng hanggang tatlong pulgada gamit ang pagbalot ng isang pirasong bakal o bubog sa talampakan. Samantalang sa India, isinasagawa ng mga Muslim at ilang Hindu ang pagtatabing ng tela sa kababaihan upang maitago ang kanilang mukha at maging hubog ng kanilang katawan. Ano ang tawag dito?
  - Babaylan
  - Dowry
  - Lotus Feet
  - Purdah
- Saang bansa isinasagawa ang breast ironing o breast flattening?
  - Cameroon, Africa
  - China, East Asia
  - Thailand, Southeast Asia
  - Saudi Arabia, Western Asia
- Ang mga sumusunod ay ang mga sumisimbolo sa pagsasagawa ng foot binding sa China **MALIBAN** sa isa.
  - Kagandahan
  - Karapat-dapat magpakasal
  - Katanyagan
  - Kayamanan

5. Basahin at suriin ang sumusunod na bahagi ng awit at sagutin ang tanong sa ibaba.

**KUMILOS MGA KALALAKIHAN**

Noel Cabangon

Titik at Musika

Kumilos mga kalalakihan

Makiisa laban sa karahasan

Maging kasama, kapatid, at kaibigan

Ano ang mensahe ng awit na ito?

- A. Ang mga babae ay mahina at kailangang alagaan ng kalalakihan.  
B. Ang kalalakihan ay mas malakas at makapangyarihan kaysa sa kababaihan.  
C. Ang kalalakihan ay dapat sumuporta at tumulong upang mapangalagaan ang karapatan ng kababaihan  
D. Ang kalalakihan ay dapat kumilos upang mapangalagaan ang kababaihan, hindi sila dapat saktan at paglaruan
6. Ang mga tao ay nakararanas ng hindi pantay na karapatan kumpara sa iba. Ano ang tawag sa anumang pag uuri, eksklusyon o restriksyon batay sa kasarian na naglalayon o nagiging sanhi ng hindi pagkilala, paggalang at pagtamasa ng mga babae ng kanilang mga karapatan o kalayaan?  
A. Diskriminasyon  
B. Pananakit  
C. Pang-aabuso  
D. Pananamantala
7. Anong kaugalian sa bansang Cameroon sa Africa ang ginagawa sa mga batang babae upang mapigilan ang paglaki ng kanilang mga dibdib?  
A. Breast Ironing  
B. Breast Feeding  
C. Breast Stepping  
D. Breast Stretching
8. Ayon sa pag-aaral na inilabas ng United Nations Development Programme (UNDP) at ng United States Agency for International Development (USAID) na may titulong “Being LGBT in Asia: The Philippines Country Report”, sino sa mga sumusunod ang tinutukoy na may kakauting oportunidad sa trabaho, bias sa serbisyong medikal, pabahay at maging sa edukasyon.  
A. Kababaihan  
B. Kalalakihan  
C. LGBT  
D. PWD
9. Anong bansa ang nagpasa ng ng batas na “Anti-Homosexuality Act of 2014” na nagsasasad na ang same-sex relations at marriages ay maaaring parusahan ng panghabangbuhay na pagkabilanggo.  
A. New Zealand  
B. Thailand  
C. Uganda  
D. United States of America
10. Noong 1911, tinanggal sa China ang foot binding dahil sa di-mabuting dulot nito sa mga kababaihan. Sino ang nagpatigil ng nasabing tradisyon?  
A. Chiang Kai Shek  
B. Confucious  
C. Mao Tse Tung  
D. Sun Yat Sen
11. Araw na itinakda bilang “International Day for the Elimination of Violence Against Women”.  
A. Hunyo 25  
B. Agosto 14  
C. Oktubre 5  
D. Nobyembre 25
12. Ano ang ibig sabihin ng GABRIELA?  
A. General Assembly Binding Women for Reforms, Integrity, Equality, Leadership, and Action  
B. Government Association Binding Women for Reforms, Integrity, Equality, Leadership, and Arrangement

- C. Gender Association Binding Women for Repatriation, Integrity, Educating Leaders Association
  - D. General Assembly Binding Women for Reforms, International Environmental Leadership Association
13. Ano ang mga kagamitan sa pagsasagawa ng breast ironing?
- A. bato, martilyo o spatula
  - B. kahoy at plantsa
  - C. martilyo at plantsa
  - D. spatula lamang
14. Ang mga sumusunod ay ang mga dahilan sa pagsasagawa ng breast ironing **MALIBAN** sa isa.
- A. Maiwasan ang maagang pagbubuntis
  - B. Upang hindi mahinto sa pag-aaral ang mga kabataan
  - C. Upang maiwasan na ang mga kababaihan ay magahasa
  - D. Mabigyang proteksyon ang mga kababaihan sa mga kalalakihan
15. Ito ay ang samahan sa Pilipinas na kung saan ang layunin nito ay mabigyang proteksyon ang mga kababaihan sa tinagurian nilang Seven Deadly Sins.
- A. ACT-CIS
  - B. CEDAW
  - C. GABRIELA
  - D. Bantay Bata



**BALIK-TANAW**

**GAWAIN 1: DiskriminAKSYON!**

**Panuto:** Isulat kung paano ang mga sikat na personalidad na ito ay nakararanas ng diskriminasyon at kung ano ang mga naging aksyon nila upang magtagumpay sa kani-kanilang larangan.

**LALAKI:**



Pinagmulan: <https://tinyurl.com/yyk3mtjz>

**MANNY PACQUIAO**

**NARANASANG DISKRIMINASYON:**

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

**TAGUMPAY NA NAKAMIT/NAKAKAMIT:**

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

**BABAE:**



Pinagmulan: <https://tinyurl.com/yxamdqy8>

**KIM CHUI**

**NARANASANG DISKRIMINASYON :**

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

**TAGUMPAY NA NAKAMIT/NAKAKAMIT:**

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

**LGBT:**



Pinagmulan: <https://tinyurl.com/yxamdqy8>

**VICE GANDA**

**NARANASANG DISKRIMINASYON :**

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

**TAGUMPAY NA NAKAMIT/NAKAKAMIT :**

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_




## PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Ang mga salitang diskriminasyon at karahasan ay magkaiba. Paano ito nagkaiba? Ang **diskriminasyon** ay ang anumang pag-uuri, eksklusyon, o restriksyon batay sa kasarian na naglalayon o nagiging sanhi ng hindi pagkilala, paggalang, at pagtamasa ng lahat ng kasarian ng kanilang mga karapatan o kalayaan. Ang **karahasan** naman ay sinasadyang paggamit ng lakas o puwersang pisikal o kapangyarihan na maaaring isang pagbabanta o tinotoo, at maaaring laban sa sarili, sa kapwa, o laban sa isang pangkat o kaya pamayanan, na maaaring kalabasan ng o may mataas na kalamangan ng pagreresulta sa kapinsalaan, kamatayan, kapahamakang pangsikolohiya, hindi pag-unlad o pagbawi at pag-aalis (depribasyon, katulad ng pag-agaw ng pag-aari o kapangyarihan; maaari ring pagkakait).



Pinagmulan:  
<https://tinyurl.com/y6zj73wr>

Sa naunang modyul ay pinag-aralan natin kung ano ba ang diskriminasyon at kung paano ito nangyayari sa tao. Ang pokus naman natin ngayon sa modyul na ito ay ang aralin tungkol sa karahasan sa mga Lalaki, Kababaihan, at LGBT.



Pinagmulan:  
<https://tinyurl.com/y6zj73wr>

Ayon sa pag-aaral na inilabas ng United Nations Development Programme (UNDP) at ng United States Agency for International Development (USAID) na may titulong **“Being LGBT in Asia: The Philippines Country Report”**, ang mga LGBT ay may kakaunting oportunidad sa trabaho, bias sa serbisyong medikal, pabahay at maging sa edukasyon. Sa ibang pagkakataon din, may mga panggagahasa laban sa mga lesbian. At ang patuloy na pagpatay sa mga LGBT kahit na patuloy ang panawagan sa pagkakapantay-pantay at kalayaan sa lahat ng uri ng diskriminasyon at pang-aabuso. Ayon sa ulat ng Transgender Europe noong 2012 may 1,083 LGBT ang biktima ng pagpatay mula 2008-2012.

Noong 2011, ang United Nations Human Rights Council ay nagkaroon ng ulat tungkol sa mga ebidensya at kaso ng mga diskriminasyon at karahasan laban sa mga LGBT. Ang bansang Uganda ay nagpasa ng batas na **“Anti-Homosexuality Act of 2014”** na nagsasaad na ang same sex relations at marriages ay maaaring parusahan ng panghabangbuhay na pagkabilanggo.

## KARAHASAN SA MGA KABABAIHAN

Ang kababaihan, sa Pilipinas man o sa ibang bansa, ay nakakaranas ng pang-aalipusta, hindi makatarungan at di pantay na pakikitungo at karahasan. Ang mababang pagtingin sa kababaihan ay umiiral na noon pa sa iba’t ibang kultura at lipunan sa daigdig.

Ngayon ay ating aalamin kung ano-ano ang mga ito na nararanasan noon ng mga kababaihan sa iba’t ibang panig ng daigdig at kung ano ang dahilan bakit ito isinasagawa.

## FOOT BINDING




Pinagmulan:  
<https://tinyurl.com/y3g6fjot>

Ang ganitong klase ng mga paa ay tinatawag rin na **lotus feet** o **lily feet**. Ito ay isinasagawa ng mga sinaunang babae sa China. Ang mga paa ng mga babaeng ito ay pinapaliit hanggang tatlong pulgada gamit ang pambalot ng isang pirasong bakal o bubog sa pamamagitan ng pagbali sa mga buto ng paa nang paunti-unti gamit ang telang mahigpit na ibinalot sa buong paa.

Ang pagkakaroon ng ganitong klaseng paa sa simula ay kinikilala bilang simbolo ng yaman, ganda, at pagiging karapat-dapat sa pagpapakasal. Subalit dahil sa ang mga kababaihan ito ay may bound feet, nalimitahan ang kanilang pagkilos, pakikilahok sa politika, at ang kanilang pakikisalamuha.

Tinaggal ang ganitong Sistema sa China noong 1911 sa panahon ng panunungkulan ni Sun Yat Sen sa di-mabuting dulot ng tradisyong ito.



Pinagmulan:  
<https://tinyurl.com/y2edksbo>

## BREAST IRONING



Pinagmulan:  
<https://tinyurl.com/yxkurvpb>

Ito rin ay tinatawag na breast flattening na kung saan isinasagawa sa bansang Cameroon, Africa. Ito ay isang kaugalian na pagbabayo o pagmamasaha sa dibdib ng batang nagdadalaga sa pamamagitan ng bato, martilyo o spatula na pinainit sa apoy.

Ipinaliliwanag ng ina sa anak na ang pagsasagawa nito ay normal lamang at ang mga dahilan nito ay upang: maiwasan ang (1) maagang pagbubuntis; (2) paghinto sa pag-aaral; at (3) pagkagahasa.

Marami pang bansa ang nagsasagawa nito ngunit alam natin na ito ay mapanganib at marami ring kritisismo ang binabato sa pagsasagawa nito. Ang GIZ (German Development Agency) at RENATA (Network of Aunties), ay ilan sa mga organisasyong sumusuporta sa kampanya ng mga batang ina na labanan ang patuloy na pag-iral ng gawaing ito. Ayon sa ulat nng GIZ, 39% ng mga kababaihan sa Cameroon ng di panig sa pag-iral ng breast ironing, 41% ang nagpapakita ng suporta, at 26% ay walang pakialam.

Ang karahasan sa kababaihan ay hindi lamang problema sa Pilipinas kundi pati narin sa buong daigdig. Sa katunayan, itinakda ang **Nobyembre 25** bilang *International Day for the Elimination of Violence Against Women*.



Pinagmulan: <https://tinyurl.com/yyetdfw8>

Ang **GABRIELA** (General Assembly Binding Women for Reforms, Integrity, Equality, Leadership, and Action) ay isang samahan sa Pilipinas na laban sa iba't ibang porma ng karahasan ng kababaihan na tinagurian nilang Seven Deadly Sins Against Women.

## SEVEN DEADLY SINS AGAINST WOMEN

(1) pambubugbog o pananakit, (2) panggagahasa, (3) incest at iba pang seksuwal na pang-aabuso, (4) sexual harassment, (5) sexual discrimination at exploitation, (6) limitadong access sa reproductive health, (7) sex trafficking at prostitusyon.



## GAWAIN

### GAWAIN 2: GIRL POWER!

**Panuto:** Sa kanang bahagi, magtala ng tatlong paraan kung paano mapigilan ang karahasan sa kababaihan. Sa kaliwa naman ay magtala ng tatlong paraan kung gaano magpapatibay ang karapatan ng mga kababaihan.



Pinagmulan:  
<https://tinyurl.com/yynnv56>

**PAANO MAPAGTITIBAY**

- 1.
- 2.
- 3.

**PAANO MAPIGILAN**

- 1.
- 2.
- 3.



## TANDAAN

Sa iba't ibang panig ng daigdig, marami ang nakakaranas ng karahasan. Wala itong pinipiling kasarian mapa-babae, lalaki, o LGBT man. Ang bawat isa ay may karapatan na mamuhay nang mapayapa at may kapanatagan. Hindi dapat pahintulutan ang sinuman na magkaroon ng hindi patas o hindi pantay na pagtrato sa kapwa. Nararapat na alamin ang iyong mga karapatan bilang isang indibidwal upang hindi maabuso ng mga mapagsamantalang kasapi ng lipunan.

Ang kaalaman sa karapatan ay ang isa sa magiging solusyon upang maproteksyunan ang iyong sarili.

### GAWAIN 3: NOON AT NGAYON

**Panuto:** Batay sa ating mga napag-aralang uri ng karahasan sa mga kababaihan, magbigay ng pagkakahalintulad o pagkakahawig sa karahasang nangyari noon na maaaring maikumpara sa kasalukuyan.

**FOOT BINDING /  
LOTUS FEET**

**BREAST FLATENNING /  
BREAST IRONING**



## PAG-ALAM SA NATUTUHAN

Sa pagkakataong ito, lubos na nating naintindihan ang karahasan at kung paano ito matutugunan at mabibigyang proteksyon ang ating mga sarili sa tulong ng mga ahensiya ng pamahalaan.

### GAWAIN 4: ALAMIN MO, KARAPATAN MO!

**Panuto:** Mula sa iyong mga natutunan sa aralin, gumawa ng slogan na nagpapakita ng pag suporta sa pagwaksi sa karahasan sa lahat ng kasarian.

### RUBRICS PARA SA ISLOGAN

MGA KATEGORIYA	5	4	2	1
<b>PAGKAMALIKHAIN</b>	Lubos na nagpamalas ng pagkamalikhain sa paghahanda.	Naging malikhain sa paghahanda.	Hindi gaanong naging malikhain sa paghahanda.	Walang ipinamalas na pagkamalikhain sa paghahanda.
<b>KAANGKUPAN</b>	Angkop na angkop ang mga salita (islogan) at larawan sa paksa.	Angkop ang mga salita o islogan sa larawan ng paksa.	Hindi gaanong angkop ang mga salita at larawan sa paksa	Hindi angkop ang mga salita at larawan sa paksa.
<b>PRESENTASYON</b>	Lubhang naging malinaw ang pagbigkas at paghahatid ng mensahe.	Naging malinaw ang pagbigkas at paghahatid ng mensahe.	Hindi gaanong malinaw ang pagbigkas at paghahatid ng mensahe.	Hindi naging malinaw ang pagbigkas / paghahatid ng mensahe.
<b>KABUUNANG PUNTOS</b>				





## PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT

### I. Maramihang Pagpili.

**Panuto:** Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang pangunahing layuning ng GABRIELA?
  - A. Ito ay organisasyon na tumutulong para bigyang proteksyon ang mga kababaihan.
  - B. Ito ay ang pagbibigay ng mga tulong para sa magmahihirap at walang kakayanan bumili ng pangangailangan.
  - C. Ito ay ang organisasyon na siyang nagsusulong para sa karapatan ng lahat ng uri ng kasarian sa ating bansa.
  - D. Ito ay ang organisasyon na nagtatanggol sa lahat ng mga batang naabuso sa iba't ibang uri ng paraan sa kahit na anong kasarian.
2. Ito ay ang tawag sa sinasadyang paggamit ng lakas o puwersang pisikal o kapangyarihan, na maaaring isang pagbabanta o tinotoo, at maaaring laban sa sarili, sa kapwa, o laban sa isang pangkat o kaya pamayanan, na maaaring kalabasan ng o may mataas na kalamangan ng pagresulta sa kapinsalaan, kamatayan, kapahamakang pangsikolohiya, hindi pag-unlad o pagbawi at pag-aalis (depribasyon, katulad ng pag-agaw ng pag-aari o kapangyarihan; maaari ring pagkakait).
  - A. Diskriminasyon
  - B. Karahasan
  - C. Pananakit
  - D. Pang-abuso
3. Tawag sa isinasagawa sa China na kung saan pinapaliit ang kanilang paa ng hanggang tatlong pulgada gamit ang pagbalot ng isang pirasong bakal o bubog sa talampakan.
  - A. Breast Ironing
  - B. Breast Stretching
  - C. Foot Binding
  - D. Foot Covering
4. Ang mga sumusunod ay ang mga dahilan sa pagsasagawa ng breast ironing maliban sa isa.
  - A. maiwasan ang maagang pagbubuntis
  - B. upang hindi mahinto sa pag-aaral ang mga kabataan
  - C. upang maiwasan na ang mga kababaihan ay magahasa
  - D. mabigyang proteksyon ang mga kababaihan sa mga kalalakihan
5. Ang mga sumusunod ang sumisimbolo sa pagsasagawa ng foot binding sa China **MALIBAN** sa isa.
  - A. kagandahan
  - B. karapatdapat magpakasal
  - C. katanyagan
  - D. kayamanan

### II. Pagpapaliwanag

**Panuto:** Ipaliwanag ang iyong sagot base sa mga ibibigay na katanungnan.

1. Paano isinasagawa ang Breast Ironing at ano ang mga dahilan ng pagsasagawa nito?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
2. Anong benepisyong natatanggap ng mga kababaihan noon sa China ang pagpayag sa pagsasagawa ng Foot Binding?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

**Rubrics para sa bilang 1 and 2:**

<b>Kategorya</b>	<b>5 Puntos</b>	<b>4 Puntos</b>	<b>3 Puntos</b>	<b>2 Puntos</b>	<b>1 Puntos</b>
Naipaliwanag ang ideya ng maayos at naipabatid ang wastong kasagutan sa bawat tanong.	Napakahusay	Mahusay	Katamtaman	Di-gaanong Mahusay	Di-Lubhang Mahusay

**Sanggunian**

Antonio, Eleanor D., Dallo, Evangeline M., Imperial, Consuelo M., Samson, Maria Carmelita B. & Soriano, Celia D. 2017. **Kayamanan; Mga Kontemporaryong Isyu**. Sampaloc, Manila: Rex Book Store, Inc. (RBSI)

Urgel, Eliabeth T., Madrigal, Christopher L., Ramos, Dexter John V. & Javar, Roderick C. 2018. **Paglinang sa Kasaysayan (Kontemporaryong Isyu)**. Makati City: Diwa Learning Systems Inc.

Sarenas, Diana Lyn R. 2017. **Mga Kontemporaneong Isyu**. Quezon City: Sibs Publishing House, Inc.

Jose, Mary Dorothy dL., Ong, Jerome A., Navarro, Atoy M., Villan, Vicente C., PhD & Abejo, Arthur G. 2017. **Mga Kontemporaryong Isyu**. Quezon City: Vibal Group, Inc.

<https://tinyurl.com/yxse3hms>

<https://www.slideshare.net/jazzdaweyur/isyu-sa-kasarian>

1A,2B,3C,4D,5C

**Pangwakas na Pagsusuli**

1B,2C,3A,4C,5C,6A,7A,8C,9C,10D,11D,12A,13A,14D,15C

**Unang Pagsubok**

**Susi sa Pagawasto**